H

2007-2008 Tagubilin para sa Aplikasyon ng Haiskul

Gamitin ang Aplikasyon ng Haiskul para makapagpatala para sa mga paaralan na inyong gusto para sa 2007-2008 taon ng pasok. Para sa karagdagang impormasyon, kunsultahin po ang 2007-2008 *Enrollment Guide for Parents (Gabay sa Pagpapatala para sa mga Magulang)*, o pumunta sa isang Enrollment Center.

Bahagi 1 – Isulat ang tirahan kung saan ang inyong anak ay nakatira (ang direksiyon ng tirahan). Kung ang inyong anak ay nakatira sa mahigit na isang bahay, isulat ang pangunahing tirahan.

Bahagi 2 – Isulat ang grado ng inyong anak para sa panahon ng 2007-2008 taon ng pasok.

Bahagi 3 (Hindi Sapilitan) – Kumpletuhin ang bahaging ito kung nais mo na pumasok sa parehong paaralang pinapasukan ng ibang anak na nasa inyong kabahayan. Para makuha ang prayoridad dahil sa kapatid sa isang paaralan, ang mag-aaral ay kailangan nakatira sa parehong kabahayan at may parehong direksiyon ng tirahan ng kaniyang kapatid (mga). Responsibilidad mo na masiguro na ang direksiyon ng tirahan na nasa talaan para sa kapatid (mga) na iyong inilista sa bahaging ito ay kapareho na iyong inilagay sa Bahagi 1. Ang magkasalungat na tirahan ay maaring mapigilan na matanggap ng inyong anak ang prayoridad dahil sa kapatid para sa isang paaralan. Karagdagan pa, ang kapatid (mga) ay kailangang nakatakda sa paaralang iyon sa 2007-2008 na taon ng pasok. Ang prayoridad dahil sa kapatid ay hindi maibibigay sa isang mag-aaral kung ang kaniyang kapatid ay hindi na papasok sa paaralang iyon sa susunod na taon.

Bahagi 4 – Gamitin ang **High School Choice Worksheet** (Worksheet) sa ibaba para matulungan ka sa pagpunan ng Bahagi 4. Ang mga paaralan na nasa Worksheet ay nakalista ng pagkakasunod-sunod ng alpabeto; ang alternative/non-traditional na mga paaralan ay nakalista ng *italics*. Sa Worksheet, lagyan ng numero ang iyong mga piniling paaralan (hanggang 10) ng naayon sa pagkagusto, simula sa "1" para sa iyong unang pinili. Iyong gamitin ang kinumpletong Worksheet para punan ng hindi bababa sa tatlo na pagpipiliang paaralan sa Bahagi 4. Magsimula sa una ninyong pinili at punan ang Numero ng Paaralan at Pangalan ng Paaralan para sa bawat pinili. Ang halimbawa sa ibaba ay ipinakikita kung paano kukumpletuhin ang Bahagi 4 kung ang inyong unang pinili ay Franklin, pangalawang pinili ay Rainier Beach, at pangatlong pinili ay Ingraham:

	School Number	School Name
1	013	Franklin
2	021	Rainier Beach
3	020	Ingraham

Bahagi 5 ((Hindi Sapilitan) – Ang inyong anak ay ilalagay sa waiting list (listahan ng naghihintay) para sa inyong unang piniling paaralan kung siya ay hindi naitala sa paaralang iyon. Kung mas gugustuhin ninyo na ang inyong anak ay ilagay sa waiting list para sa isang paaralan bukod sa iyong unang pinili, tsekan ang kahon sa Bahagi 5 at isulat ang pangalan na iyong pinili para ilagay sa waiting list na paaralan; maari kang pumili ng anumang sa inyong pinili mula sa Bahagi 4. Ang inyong anak ay ilalagay sa waiting list sa inyong pinili na paaralan lamang kung siya ay nakatala sa isang paaralan sa iyong aplikasyon na nakaranggo ng mas mababa kaysa sa paaralan na nasa waiting list. Kung hindi, ang waiting list na paaralan ay ilalagay sa iyong unang pinili na paaralan. Ang inyong anak ay maari na mailagay sa isang waiting list lamang.

High School Choice Worksheet (Gagawing Papel para sa Pagpipiliang Haiskul)

Lagyan ng numero ang iyong mga pinili ng naayon sa pagkagusto at pagkatapos ay punan ang Bahagi 4 ng Aplikasyon sa Haiskul.

□ Ballard 011	□ *John Marshall*** 950
□ *The Center School* 024	□ *Nova**** 023
□ Cleveland 012	□ Rainier Beach 021
□ Franklin 013	□ Roosevelt 017
□ Garfield 014	□ Chief Sealth 018
□ Garfield APP* (kailangan na nararapat) ... 014	□ *South Lake* 960
□ Nathan Hale 022	□ *Summit (K-12)* 942
□ Ingraham 020	□ West Seattle 019

***** Ang Garfield at Garfield APP ay dalawang magkahiwalay na mga pagpipilian. Ang "APP" ay kailangan na isulat sa kahon ng pangalan ng paaralan para malaman kung aling programa ang iyong hinihiling. Ang parehong programa ay maaring ilista bilang pinagpipilian, ngunit ang mga nararapat na mag-aaral lamang ang isasaalang-alang para sa Garfield APP.

****** Ang lokasyon ng mga programa sa Marshall ay inaalam pa sa panahon ng publikasyon.

******* Ang mga mag-aaral na nagpapatala para sa Nova ay kailangang maglakip ng "orientation ticket" sa kanilang aplikasyon; ang pinili na iyon ay hindi igagalang kung walang kalakip na tiket.